LEVEL 2

# Leveled Reader
in Filipino

## Si Lola at ang Kaniyang mga Libro




Isinulat ni Ana Falesthein
Iginuhit ni Novita Elisa Fahmi



Mahilig magbasa si Rhea sa bahay ng kaniyang lola. Isang araw, nagulat siya sa kaniyang naabutan. "Lola, bakit po ninyo nililigpit ang mga librong ito?" tanong ni Rhea. "Ibibigay ko ito sa mga aklatan sa bayan," sagot ni lola.




"Pero paano na po ang paborito kong libro?" malungkot na tanong ni Rhea. "Naku, nakalimutan kong ihiwalay. Baka nasa mga kahong ito. Ngayong araw kasi dapat maipadala ang mga libro," tugon ng kaniyang lola.



Maaari niyang makuha ang paborito niyang libro, ngunit kailangan muna niya itong hanapin.



Hindi kaya ni Rhea na
mag-isang hanapin ang libro
sa mga kahon.
Agad niyang tinawagan ang
mga kaibigan para humingi
ng tulong.



Mabuti at handa namang tumulong sina Robby, Rosa, at Rino.



“Tingnan ninyo, isang libro ng mga hayop!” sigaw ni Robby.
Samantala, abala naman si Rosa sa pagbabasa ng iba pang libro.
Napabahing naman si Rino nang mahawakan ang isang libro.



Kailangang mahanap ni Rhea ang kaniyang paboritong libro.
"Robby, pasuyo akong maghanap sa tumpok na ito."
"Rosa, hanapin mo rito sa kahon," pakiusap ni Rhea sa mga kaibigan.
"Rino, kunin mo itong pamunas," pag-aalala ni Rhea.



Sa wakas, nahanap din ni Rhea ang paboritong libro. Binigyan din ni Lola ng mga libro ang kaniyang mga kaibigan.

"Maraming salamat po, lola!" masayang sabi ng magkakaibigan.



Habang ibinabalik nila sa kahon ang ibang libro, muling napapabahing si Rino. Hatsing! Hatsing! Hatsing!



Hindi kaya ni Rino ang alikabok sa mga libro. Kaya naman napaisip si Rhea. "Rino, ikaw na lang ang maghatid ng mga libro gamit ang bisikleta," sabi ni Rhea.



Naku!

Sira ang bisikleta.



Kaya naman agad na nagbigay ng tulong si lola.



“Paano ninyo po natutuhan ang pag-aayos ng bisikleta?” tanong ni Rhea.

“Dahil sa pagbabasa!”



“Rino, ayos na ang bisikleta!” sigaw ni Rhea. Ngunit walang sumagot.



Nasaan na sila?



“A, nagbabasa na silang lahat!”

Napangiti sina lola at Rhea sa nakita.



Subalit kailangan na nilang huminto ng pagbasa dahil dumating na ang sasakyang magdadala ng mga libro sa bayan.



Tulong-tulong silang lahat na nagbuhat ng mga kahon. Sakay naman si Rino ng kaniyang bisikleta.



Mayroon ng mababasang libro sina Rhea at kaniyang mga kaibigan.
Ang ibang libro naman ay patungo sa mga bagong kaibigan.

DepED DEPARTMENT OF EDUCATION

USAID FROM THE AMERICAN PEOPLE

RTI INTERNATIONAL

The Asia Foundation